A PIECE FOR PEACE

NARRATIVES FROM YOUNG MINDANAOANS



Published by:
Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH

Registered offices:
Bonn and Eschborn, Germany

Youth for a Culture of Peace and Non-Violence in Mindanao (YOUCAP) Project
GIZ Office Manila
9th Floor, Bank of Makati Building
Ayala Avenue Extension near corner Metropolitan Avenue,
Makati City 1209, Philippines
Phone: (02) 86515100

As at:
November 2021

In Cooperation with:
Fr. Saturnino Urios University (FSUU)
GIZ-Civil Peace Service (GIZ-CPS)

Photos and Essays:

Aaron Gabriel Vidal
Arnel Cabanao
Charelyn Hijara
Christian Lachica
Franciston Esteba
Gabriel Villanil
Gerald Cabalan
Jennila Aparece
John Reeve Insoy
Junquil Baoc
Kristoff Castillano
Kristy Joy Ballenas
Lemuel Barola
Mark Ian Domosmog Michael
Tahadlangit
Muaz Jubair Datumanong
Rico-Teodoro Jose III Carrasco
Zabdiel Ocate

Responsible:
Albert Putong
Mia Loraine Simpao
Datu Beds Kali
Laura Steinacher
Gunhild Schwitalla-Ruf

Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH

Translation and Editing:
Teach Peace Build Peace Movement Inc.

Design and Layout:
Karlos Manlupig

Addresses of the BMZ offices BMZ:

BMZ Bonn
Friedrich-Ebert-Allee 32 + 36
53113 Bonn, Germany
T +49 (0) 228 99535-0
F +49 (0) 228 99 535-3500

BMZ Berlin
Dahlmannstrβe 4 10963
Berlin, Germany
T +49 (0)30 18 535-0
F +49 (0)30 18 535-2501

www.bmz.de

GIZ is responsible for the content of this publication.

On behalf of the
German Federal Ministry for Economic Cooperation and Development (BMZ)

All the youth authors and photographers gave their written consent to the publication of their essays and photos. This book is not for sale.

Disclaimer: *The views and interpretations of the authors and writers in this book do not necessarily represent the views of the German Government and of GIZ .*

Cover photo by: Gerald Cabalan

A PIECE FOR PEACE
Narratives From Young Mindanaoans

ISANG PIYESA PARA SA KAPAYAPAAN
Mapayapang mga Salaysay ng Mga Batang Mindanawan

german cooperation
DEUTSCHE ZUSAMMENARBEIT

Implemented by:
giz Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH

in cooperation with

Ziviler Friedensdienst
Civil Peace Service

teach peace build peace movement

TABLE OF CONTENTS



1 **Foreword**

5 **Chapter 1 At Peace with the Environment: Echoes from Nature & Within**

7 Finding Peace in Nature by Aaron Gabriel Vidal
13 Connection by Zabdial Ocate
17 Photo Essay by Kristy Joy Ballenas
21 Art as Precious as Jade by Charelyn Hijara
25 The Two Elements by Arnel Cabanao
27 Reflective Questions



29 **Chapter 2 At Peace with One's Roots: Indigenous and Individual Voices**

31 When Persistence & Bravery Prevail by Gabriel Villanil
37 The Bittersweet Life of the Mamanwa by Gerald Cabalan
43 Light for Tomorrow by Jennila Aparece
46 In the Race of Life, Just Keep Going by Michael Tahadlangit
51 A Child's Agony by Muazjubair Datumanong
55 Hope for Lawis by Christian Lachica
61 Unfazed by Challenges, Driven by Kindness by Junquil Baoc
67 Reflective Questions



69 **Chapter 3 At Peace with Life: Collective Resilience**

71 A Call For Our Future by Rico-Teodore Jose III Carrasco
77 Hands of Peace by Franciston Esteba
81 The Walk of Sacrifice by Mark Ian Domosmog
87 Deafening Silence by Lemuel Barola
91 Survival Amidst the Pandemic by Kristoff Castillano
95 Unwavering Strength by John Reeve Insoy
101 Reflective Questions



103 **Chapter 4 At Peace With One's Self: Gender Tales**

105 At Peace With Who I Am
106 A Father's Love
107 From Doubt to Courage
109 To Love Oneself Fully
111 Reflective Questions

113 **Top 20 Winning Photos of 2020 Competition**

119 **Authors**

FOREWORD



Gunhild Schwitalla-Ruf

Mindanao Cluster Coordinator

Peace and Development

&

Principal Advisor

Youth for a Culture of Peace and Non-violence in Mindanao Project

GIZ Philippines

Peace has been defined in various ways throughout the years – as a concept in academic discourse, a development objective, and a shared goal at the global and national levels. Besides the existing official definitions and concepts guiding our work in peacebuilding, there are individual perspectives and stories. Asking hundreds of people about what peace means to them, you will for sure receive a hundred nuanced and individual answers. That is also true for young people in Mindanao: peace and all the struggles coming along with it are shaped by personal stories.

A Piece for Peace: Narratives from Young Mindanaoans was produced by GIZ YOUCAP with support from Karlos Manlupig and the Teach Peace Build Peace Movement (TPBPM) as a creative collection of photos, essays, and letters by the youth in sharing their own definition of peace. GIZ YOUCAP together with the Father Saturnino Urios University (FSUU) and the GIZ Civil Peace Service (CPS), conducted a "Digital Storytelling through Photography Masterclass" with 20 youth participants from Mindanao. The masterclass was a follow-up activity of a photo competition held for the second time during the Mindanao Peace Studies Conference VI themed "Peace for Mindanao in the New Normal" organized by FSUU. The concept of the masterclass for the 20 best photographers was expanded to include the development of a photobook - a collection of peace narratives of youth depicting their different experiences of peace, hope, empathy, solidarity, resilience, and inspiration during the time of a pandemic. For 12 weeks, these young photographers were capacitated to use the power of storytelling and photography as creative instruments for peacebuilding and conflict transformation. As a tool of Communication for Development (C4D) in Peacebuilding, participatory photography allows young people to think critically about conflict and peace in their community and inspire dialogue between groups of people coming from different cultural and religious backgrounds. These learnings were transformed into narratives of peace for their fellow youth through all the insightful photos and essays part of this book.

On a more personal level, letters from the youth on their journey against gender-based discrimination and violence were anonymously yet courageously written as part of the #WeWriteAgainstGBV campaign with Balaod Mindanaw – and some of them are now important parts of this book. From conflicts within themselves to challenges within their families, schools, and communities, young people share their innermost experiences in attaining peace that came along with the struggles of their identity.

Together with all the partners and young peacebuilders that developed this creative material, GIZ YOUCAP is inspired and honored to share with you pieces of peace defined through the pen and the lens of young people in Mindanao.

Sa loob ng maraming taong nakalipas, binigyang-kahulugan na ang kapayapaan sa iba't-ibang mga paraan - bilang isang konsepto sa pang-akademikong diskurso, isang layunin sa pag-unlad at isang pinagsasaluhang adhikain sa pandaigdigan at pambansang antas. Bukod sa mga opisyal na kahulugan at konsepto na gumagabay sa aming gawain sa pagbuo ng kapayapaan, may mga indibidwal na pananaw at kuwento. Sa pagtatanong sa daan-daang tao tungkol sa kung ano ang kahulugan ng kapayapaan para sa kanila, siguradong makakatanggap ka ng isang daang bahagyang magkakaibang mga kahulugan at indibidwal na mga sagot. Totoo rin iyon para sa mga kabataan sa Mindanao: ang kapayapaan at lahat ng paghihirap na kasama nito ay hinuhubog ng mga personal na kuwento.

Ang Isang Piyesa para sa Kapayapaan: mga Naratibo Mula sa mga Batang Mindanaoan ay pinasimulan ng GIZ YOUCAP sa suporta ni Karlos Manlupig at ng Teach Peace Build Peace Movement (TPBPM) bilang isang malikhaing koleksyon ng mga larawan, sanaysay, at liham na gawa ng kabataan sa pagbabahagi ng kanilang sariling kahulugan ng kapayapaan Ang GIZ YOUCAP kasama ang Father Saturnino Urios University (FSUU) at ang GIZ Civil Peace Service (CPS) ay nagsagawa ng isang "Digital Storytelling through Photography Masterclass" kasama ang dalawampung (20) mga kabataang kalahok mula sa Mindanao. Ang masterclass na iyon ay kasunod na gawain ng isang patimpalak sa pagkuha ng larawan na ginanap sa pangalawang pagkakataon sa Mindanao Peace Studies Conference VI na may temang "Peace for Mindanao in the New Normal". Ang konsepto ng masterclass para sa dalawampung (20) pinakamahusay na mga litratista ay pinalawak upang isama ang pagbuo ng isang photobook - isang koleksyon ng mga salaysay ng kapayapaan ng kabataan na naglalarawan ng kanilang magkakaibang karanasan ng kapayapaan, pag-asa, malasakit, pagkakaisa, katatagan, at inspirasyon sa panahon ng isang pandemya . Sa loob ng labingdalawang (12) linggo, ang mga batang litratista na ito ay nagawang gamitin ang kapangyarihan ng pagkukuwento at pagkuha ng litrato bilang malikhaing instrumento para sa pagbuo ng kapayapaan at pagbabago ng hidwaan. Bilang isang kasangkapan ng Communication for Development (C4D) in Peacebuilding, ang mapagpalahok na potograpiya ay hinahayaan ang kabataan na kritikal na mag-isip tungkol sa hidwaan at kapayapaan sa kanilang komunidad at pukawin ang dayalogo sa pagitan ng mga pangkat ng mga tao mula sa iba't-ibang mga karanasan ng kultura at relihiyon. Ang mga kaalamang ito ay binagong anyo bilang mga salaysay ng kapayapaan para sa kanilang kapwa kabataan sa pamamagitan ng lahat ng mga larawan at sanaysay na busog ng tunay na pag-unawa na bahagi ng librong ito.

Sa mas personal na antas, ang mga liham mula sa kabataan sa kanilang paglalakbay laban sa diskriminasyon at karahasan na batay sa kasarian ay anonimo ngunit buong tapang na isinulat bilang bahagi ng kampanyang #WeWriteAgainstGBV kasama ang Balaod Mindanaw - at ang ilan sa kanila ay mahalagang bahagi na ng librong ito. Mula sa mga hidwaan sa kanilang sarili hanggang sa mga alitan sa loob ng kanilang pamilya, paaralan, at mga pamayanan, ibinabahagi ng mga kabataan ang kanilang pinakaloob na karanasan sa pagkamit ng kapayapaan na kasama ng mga paghihirap sa kanilang pagkakakilanlan.

Kasama ang lahat ng mga katuwang at mga kabataang tagapagbuo ng kapayapaan na bumuo ng malikhaing materyal na ito, ang GIZ YOUCAP ay inspirado at ikinararangal na ibahagi sa inyo ang mga piyesa ng kapayapaan na ipinakahulugan sa pamamagitan ng panulat at lente ng mga kabataan sa Mindanao.

FOREWORD



Fr. John Christian U. Young

President

Father Saturnino Urios University

This photobook signifies the conclusion of the second year of the Photo Masterclass Virtual training given to the twenty (20) winners of the photo competition and exhibition done on the last quarter of the year 2020. This new set of artists engaged actively in the 13 episodes with topics and themese on the concepts of peace.

Featured and highlighted in this collection of photo narratives are masterpieces by youth participants coming from all over Mindanao depicting their different experiences of peace, hope, empathy, solidarity, resilience, and inspiration amidst the COVID-19 pandemic. Creatively put together as an expression of their collective effort to share their craft, these photographers, artists and storytellers from the competition, the masterclasses, and the #WeWriteAgainstGBV articulate their narratives in this 1st Virtual and Printed Photobook.

Through the lens of these youth participants, this edition hopes to sensitively share and narrate firsthand stories of gender-based violence and discrimination experienced by both girls and boys between 15 to 30 years old, young members of the LGBTQ++ community, youth with disabilities, out-of-school youth, and former young combatants across different cultures, norms, and religious affiliations. All this is in the service of bringing awareness on gender-based violence (GBV) to generate a sense of urgency for stakeholders to work together and for their efforts to coalesce in order to prevent GBV in their various sectors.

Furthermore, this virtual and printed platform will serve to jumpstart and inspire young people from within and outside of academic institutions to contribute to inclusive peacebuilding through photography, letters, videos, narratives, and the art of storytelling in their organizations and communities to effect change.

As partners in the mission and being at the forefront of transformative education, we fully support the artistic expression and the unique contribution of our young people in the task of peacebuilding and nationhood.

Ang librong ito ay nagpapahiwatig ng pagtatapos ng ikalawang taon ng Photo Masterclass Virtual Training na ibinigay sa dalawampung (20) nanalo sa kumpetisyon at eksibisyon ng mga larawan noong huling isang-kapat ng taong 2020. Ang bagong hanay ng mga manlilikhang ito ay aktibong nakibahagi sa labingtatlong (13) sesyon na may mga paksa at tema tungkol sa mga konsepto ng kapayapaan at hidwaan, pamamahala at pagbabago ng hidwaan, komunikasyong hindi marahas at sensitibo sa kasarian, pangunahing kasanayan sa potograpiya at ligal na balangkas, responsableng paggamit ng social media, pagkukuwento, at dayalogo.

Tampok sa koleksyong ito ng mga larawang-sanaysay ay mga obra ng mga kabataang kalahok mula sa buong Mindanao na naglalarawan ng iba't-ibang karanasan nila ng kapayapaan, pag-asa, pakikiramay, pagkakaisa, katatagan at inspirasyon sa gitna ng pandemya ng COVID-19. Malikhaing pinagsama bilang isang pagpapahayag ng kanilang sama-samang pagsisikap upang ibahagi ang kanilang kasanayan, ang mga litratista, manlilikha at kuwentista mula sa kumpetisyon, sa mga masterclass, at sa #WeWriteAgainstGBV, malinaw nilang ipinaliwanag ang kanilang mga salaysay sa pinakaunang virtual at nakalimbag na photobook na ito.


Sa pamagagagitan ng lente ng mga kabataang kalakok, inaasahan ng edisyong ito na sensitibong ihayag at isalaysay ang mga sariling kuwento ng karahasang batay sa kasarian at diskriminasyon na naranasan ng parehong mga batang babae at lalaki na nasa pagitan ng labinglima (15) hanggang tatlumpung (30) taong gulang, mga batang miyembro ng pamayanan ng LGBTQ++, mga kabataang may kapansanan, out-of-school youth, at mga dating batang mandirigma na nagmula sa iba't-ibang kultura, mga pamantayan at sangay ng relihiyon. Ang lahat ng ito ay para sa serbisyo ng pagdadala ng kamalayan sa karahasang batay sa kasarian o gender-based violence (GBV) upang lumikha ng muwang sa agarang pangangailangan na sila'y magtulungan at magsanib puwersa upang maiwasan ang GBV sa kanilang sektor.

Bukod dito, ang virtual at nakalimbag na proyektong ito ay magbibigay-lakas at inspirasyon sa mga kabataan mula sa loob at labas ng mga pang-akademikong institusyon na magbigay ng kontribusyon sa inklusibong pagbubuo ng kapayapaan sa pamamagitan ng potograpiya, mga liham, mga video, mga salaysay at sa sining ng pagkukuwento sa kanilang mga organisasyon at pamayanan upang magbunga ng pagbabago.

Bilang mga katuwang sa misyon at nangunguna sa edukasyong nakapagbabago, lubos naming sinusuportahan ang masining na pagpapahayag at ang natatanging kontribusyon ng ating kabataan sa pagbuo ng kapayapaan at pagkabansa.

CHAPTER 1

AT PEACE WITH THE ENVIRONMENT: ECHOES FROM NATURE AND WITHIN



FINDING PEACE IN NATURE

Paghahanap ng Kapayapaan sa Kalikasan

Photos and essay by Aaron Gabriel R. Vidal

The COVID-19 pandemic has given me more time to appreciate what is around me; and find peace in things that have always been there, such as nature.These images tell the story of my search for that peace.

One morning, I woke up to the sound of birds singing. I brought out my camera and took a few snapshots of a yellow-vented bulbul, a common sight in urban areas. Bird-watching has been one of my pastimes since the pandemic started, and in those days, one specific bird has caught my attention.

I named it “Cole” to distinguish it from the other yellow-vented bulbuls. Cole was flying around our pine trees, jumping from branch to branch, and constantly singing - almost as if he was trying to impress other birds. Others were also singing with Cole. To my surprise, I found several bird nests inside our Eugenia plants. One of those contained two nestlings of the yellow-vented bulbul kind. Those nestlings would sing along with the others and upon the arrival of their mother.

Speaking of birds’ nests, I came to notice the sheer beauty of the trees in our neighborhood; how the sun’s rays pierced through their crooked branches, exposing the thick roots and the rough texture of the tree bark - allowing the vividly green leaves to reflect and absorb its bright light. It could be said that trees symbolize peace in nature.

As noon passed, I turned my attention to the sky and saw thick and grayish clouds rolling over the mountains, bringing rain. It was a breathtaking sight. Afterward, all that remained were moist earth and wet leaves- the droplets on the leaves left them glistening under the afternoon sun.

After a few hours, I went back to our house. Once I reached the garage, a stray cat welcomed me. This cat has been visiting our home to rest and eat. He doesn’t stay long and is often out, venturing to other places. He has noticeable scars, which he probably got from fighting with other stray cats. I’d like to think that he finds relief when he visits our home, with enough food to eat and a place to sleep in.

Late at night, I would find myself looking up at the sky to see the moon shining. Every time I stare at it, I feel freer, more relaxed, and just peaceful. It makes me appreciate the beauty and simplicity of nature.

As we enter another year in quarantine, I hope we take the time to appreciate what’s around us and the minute details offered by nature. Nature does have its moments, and in between those moments, may we all find peace.

Ang pandemyang dulot ng COVID-19 ay nagbigay sa akin ng oras para pahalagahan kung ano ang nasa paligid ko at mahanap ang kapayapaan sa mga bagay na dati pa mang naroon, tulad ng kalikasan. Ang mga larawan na ito ay naglalahad ng istorya ng aking paghahanap sa kapayapaan na iyon.

Isang umaga, nagising ako sa tunog ng mga ibong humuhuni. Inilabas ko ang aking kamera at kumuha ng ilang mabilisang imahe ng isang yellow-vented bulbul, isang pangkaraniwang tanawin sa mga lungsod. Ang pagmamasid ng mga ibon ay naging isa sa aking mga pampalipas-oras mula nang nagkaroon ng pandemya, at sa mga araw na iyon, isang natatanging ibon ang nakapukaw ng aking pansin.

Pinangalanan ko itong “Cole” upang matangi mula sa iba pang mga yellow-vented bulbuls. Lumilipad-lipad si Cole sa aming mga puno ng pino, tumatalon-talon sa mga sanga, at hindi tumitigil sa pagkanta— halos parang subok na pinapahanga ang iba pang mga ibon. Kumakanta rin ang iba kasabay ni Cole, sa aking pagkagulat, natagpuan ko ang ilang mga pugad ng ibon sa loob ng aming mga halamang Eugenia (Simumu). Isa sa mga iyon ay may dalawang inakay na yellow-vented bulbul. Ang mga inakay na iyon ay sabay na kakanta sa iba pang mga ibon sa pagdating ng kanilang ina.


Dahil sa pinag-uusapan ang pugad ng mga ibon, napansin ko ang likas na kagandahan ng mga puno sa aming kapitbahayan; kung paanong tumatagos ang mga sinag ng araw sa bali-balikong sanga ng mga ito, nilalantad ang makakapal na mga ugat at ang magaspang na tekstura ng banakal ng mga puno - hinahayaan ang matingkad na lungtiang mga dahon na mabanaag at masipsip ang maliwanag na ilaw nito. Maaring sabihin na ang mga puno ay sumisimbolo ng kapayapaan sa kalikasan.

Habang lumilipas ang tanghali, itinuon ko ang aking atensyon sa alapaap at nakita ang makapal at malaabong mga ulap na nagpapagulong-gulong sa ibabaw ng kabundukan at nagdadala ng ulan. Iyon ay isang nakamamanghang tanawin. Pagkatapos, ang tanging naiwan ay ang mamasa-masang lupa at basang mga dahon - ang mga mumunting patak-ulan sa mga dahon ay iniwan silang kumikislap sa ilalim ng araw sa hapon.

Pagkatapos ng ilang oras ay bumalik ako sa aming bahay. Nang marating ko ang garahe, isang pusang kalye ang sumalubong sa akin. Dati nang dumadalaw sa aming bahay ang pusang ito upang magpahinga at kumain. Hindi naman ito nagtatagal at madalas ay wala sa bahay, nakikipagsapalaran sa ibang lugar. Mayroon itong mga kapansin-pansing pilat na malamang ay nakuha nito mula sa pakikipaglaban sa iba pang mga pusa sa kalye. Gusto kong isipin na nahahanap nito ang ginhawa tuwing bumibisita sa aming tahanan, may sapat na makakain at lugar na matutuluyan.

Sa lalim ng gabi, napapansin ko ang aking sarili na nakatingala sa langit para tingnan ang buwang nagniningning. Sa tuwing pinagmamasdan ko ito, ramdam kong ako ay mas malaya, mas payapa. Inuudyukan ako nitong pahalagahan ang kariktan at kalantayan ng kalikasan.

Sa ating pagpasok sa panibagong taon ng quarantine, hangad ko na tayo ay maglaan ng oras na pahalagahan kung ano ang mga nasa paligid natin at sa mga maliliit na detalyeng handog ng kalikasan. Tunay na mayroon ngang mga natatanging sandali ang kalikasan, at sa gitna ng mga sandaling iyon, nawa ay makita nating lahat ang kapayapaan.











CONNECTION

Ugnayan


Photos and essay by Zabdiel M. Ocate

Connecting with nature is one of the best ways to attain peace. Its indescribable beauty can make a person feel wonderful. Have you ever thought about how magical it is to see nature revive itself after any disaster - how it can rebuild itself over and over again?

For me, connecting with nature is also connecting with yourself. Nature can bring peace and a healing force like no other - and then all I can feel is a sense of calmness and contentment. It makes me feel as if I have truly arrived.

As human beings, we are encouraged to embrace the fullness of our humanity - our emotions, strengths, and even our weaknesses. Some days we feel good. Some days we feel bad. Every day, we have the chance to decide which emotion to embrace - the ones that lead to peace or the ones that lead to chaos. In any case, I hope you build the strength to choose the way of peace.





Ang pakikipag-ugnayan sa kalikasan ay isa sa mga pinakamabuting paraan upang makamtan ang kapayapaan. Ang di mawaring kagandahan nito ay kayang makapagpagaan ng pakiramdam ng isang tao. Naisip mo na ba kung gaano kahiwaga ang makita ang kalisanan na muling binubuhay ang sarili nito matapos ang anumang sakuna - kung paanong kaya nitong buuin muli ang sarili nang paulit-ulit?

Para sa akin, ang pakikipag-ugnayan sa kalikasan ay pakikipag-ugnayan rin sa iyong sarili. Ang kalikasan ay maaaring magbigay ng kapayapaan at ng isang puwersang nakagagamot na walang katulad - pagkatapos ay kahinahunan at kapanatagan na lamang ang aking nararamdaman. Pinararamdam nito sa akin na ako'y totoong nagtagumpay.

Bilang mga tao, tayo ay hinihimok na yakapin ang kaganapan ng ating pagkatao - ang ating mga emosyon, mga kalakasan maging ang ating mga kahinaan. Minsan ay masaya ang ating pakiramdam. Minsan tayo'y malungkot. Bawat araw, may pagkakataon tayong pumili ng yayakaping emosyon - mga emosyong makapagdadala sa atin sa kapayapaan o sa kaguluhan. Gayunman, hangad ko na mabuo ninyo ang katatagan sa pagpili ng daan ng kapayapaan.



TRANQUILITY OF MIND

Katiwasayan ng Kaisipan

Photos and essay by Kristy Joy Ballenas



Cherish each of life's moments as much as you can. Despite any challenge, keep your mind and soul calm. Find balance to keep a clear mind.

Ipakatangi ang bawat sandali ng buhay sa abot ng makakaya. Sa kabila ng anumang pagsubok, panatilihing panatag ang isip at kaluluwa. Hanapin ang balanse upang mapanatiling malinaw ang isipan.




Peace is acknowledging the burdens you carry, yet choosing not to worry - believing that God is always by your side.

Ang kapayapaan ay pagtanggap sa mga pasaning dinadala, gayunman, ay pagpiling hindi mag-alala -habang naniniwalang ang Diyos ay palaging nasa iyong tabi.



Isn't it peaceful to turn your dreams into reality without hurting anybody?

Hindi ba't mapayapa ang pagtupad ng iyong mga pangarap nang walang sinumang nasasaktan?



Whenever you can, surround yourself with nature. Go where the trees dance and the birds sing.

Kailanman kayanin, paligiran ng kalikasan ang sarili. Magtungo kung saan sumasayaw ang mga puno at umaawit ang mga ibon.





Be transformed by the renewing of your mind. (Romans 12:2)

Magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip (Romano 12:2)

Do not compare yourself to others. Adopt a peaceful mind and focus on what you can achieve.

Huwag mong ikumpara ang sarili sa iba. Magkaroon ng isang mapayapang pag-iisip at tutukan ang kaya mong makamtan.





ART AS PRECIOUS AS JADE

Sining na Kasinghalaga ng Esmeralda

Photos and essay by Charelyn Hijara



The words “precious as jade” perfectly describes this 21-year-old artist and her murals. Precious Jade Asumbrado began her journey as an artist at a young age, but it wasn’t until the COVID-19 pandemic hit the country when she started taking a particular interest in painting.

Precious Jade takes pride in her mural in Tagum City, a piece of art that symbolizes peace and unity. That mural was her entry for Smart Communications Inc’s Paint It Forward: A Wall Mural Design Contest held in April 2021. The artists committed to painting murals with passion and determination to express what was in their hearts.

Precious Jade was one of the young volunteer artists in Tagum City that partnered with the local government to create artistic spots as safe and happy spaces for people to commune. She is dedicated to helping the city develop cultural heritage sites because she believes in her role as an artist and community member with the power to create change through her talent.

“Artists are peacemakers. Through our art, we express ourselves while respecting other people’s views and perspectives. Seeing a diverse community come together for a single purpose is a very fulfilling product of art. That is the embodiment of peace stemming from the beauty of art. We paint as a united group for the sustainability of our city, no matter where we come from or who we are,” Precious Jade said while she continued working on a canvas with a paintbrush - in the hopes that her art may bring peace everywhere.



Ang mga salitang “kasinghalaga ng esmeralda” ay angkop na pagsasalarawan sa dalawampu’t isang taong gulang na manlilikhang ito at sa kaniyang mga miyural. Sinimulan ni Precious Jade Asumbrado ang kaniyang paglalakbay bilang isang manlilikha sa mas murang edad ngunit nito lamang na dumating ang COVID-19 sa bansa nang nagsimula siyang magkaroon ng natatanging hilig sa pagpipinta.

Si Precious Jade ay ipinagmamalaki ang kaniyang miyural sa Tagum City, isang piraso ng sining na sumisimbolo ng kapayapaan at pagkakaisa. Ang miyural na iyon ang kaniyang lahok para sa Paint It Forward: A Wall Mural Design Contest ng Smart Communications, Inc na ginanap noong Abril 2021. Nangako ang mga manlilikha na magpinta ng mga miyural na may simbuyo ng damdamin at matibay na hangad na ipahayag kung ano ang nasa kanilang mga puso.

Si Precious Jade ay isa sa mga batang boluntaryong manlilikha sa Tagum City na nakipagtambal sa lokal na pamahalaan upang gumawa ng mga malikhaing puwesto bilang ligtas at masayang mga lugar kung saan maaaring magtipon ang mga tao. Ipinangako niyang tutulong sa siyudad na magpaunlad ng mga lugar na pamanang kultural dahil naniniwala si Precious Jade sa kaniyang tungkulin bilang isang manlilikhang may kakayahang gumawa ng pagbabago sa pamamagitan ng kaniyang talento.

“Ang mga manlilikha ay mga tagapamayapa. Sa pamamagitan ng aming sining, ipinapahayag namin ang aming saloobin habang iginagalang ang pananaw at pananaw ng iba. Ang makita ang isang komunidad na maraming pagkakaiba na magkaisa para sa iisang layunin bilang isang produkto ng sining ay nakapagbibigay ng kaganapan. Iyon ang sumasagisag sa kapayapaang nagmumula sa kariktan ng sining. Kami ay nagpipinta bilang nagkakaisang grupo para sa pagpapanatili ng aming siyudad saan man kami nagmula o kung sinuman kami,” wika ni Precious Jade habang patuloy na nagpipinta gamit ang pinsel at kambas sa pag-asang ang kaniyang sining ay maaaring magdulot ng kapayapaan saanman.



THE TWO ELEMENTS

Ang Dalawang Elemento

Photos and essay by Arnel Cabanao



I have been doing street photography for three years now. In all those years, I was haunted by a single question. What do I want people to see whenever they look at my photographs? I never found the answer even as I explored from one street to the next or observed people as they passed me by. I walked miles for hours on end, until it dawned on me, and I finally found what I was looking for.

Two words. Black. White.

I realized that I love shooting in black and white. I love the overflowing amount of highlights mixed with a very crisp shadow. It's like your favorite champorado paired with a fried bulad - the saltiness of the bulad complements the sweetness of the champorado. That's how I feel and what I see while combining those two elements. I want the people looking at my photos to see the world in black and white. I want to make mundane moments look extraordinary. I want the ordinary to give off a sense of mystery so people can see that even in those moments, a wonderful image can emerge.

Tatlong taon na akong kukumuha ng mga larawan sa lansangan. Sa loob ng mga panahong iyon, namamalagi sa aking isipan ang isang tanong. Ano ang nais kong makita ng mga tao sa tuwing titingnan nila ang aking mga larawan? Hindi ko nahanap ang kasagutan maging sa paggalugad ng mga lansangan o sa pagmamasid sa mga tao habang silay dumaraan. Naglakad ako nang walang katapusan hanggang sa namitak sa aking isipan at sa wakas ay nahanap ko ang kasagutan.

Dalawang salita. Itim at puti.

Napagtanto kong kinagigiliwan ko ang pagkuha ng larawan sa black and white. Kinagigiliwan ko ang napakaraming mga highlights kahalo ng napakalutong na anino. Ito'y parang ang paborito mong champorado ay ipinareha sa isang piniritong bulad - ang kaalatan ng bulad ay binabagayan ng katamisan ng champorado. 'Yun ang aking nararamdaman at nakikita habang pinaghahalo ang dalawang elementong iyon. Nais ko makita ng mga taong tumitingin sa aking mga larawan ang mundo sa black and white. Nais kong magmukhang pambihira ang mga pangkaraniwang sandali. Nais kong ang ordinaryo ay magbigay ng pakiramdam ng misteryo upang makita ng mga tao na kahit sa mga sandaling iyon, ang isang kamangha-manghang imahe ay maaaring lumitaw.

REFLECTIVE QUESTIONS

Before you move forward to the next chapter, please take a moment and reflect about the narratives and stories presented in this chapter. How would your own perspective and narrative look like?

1. How can we prevent environmental destruction due to unsustainable practices and lifestyle habits, and promote a peaceful people-planet relationship?

2. What are the common environmental problems or issues that you have observed in your surroundings? What do you think are the causes and effects of these problems?

3. In your own ways, what can you do to help resolve problems in the environment? What lifestyle changes can you start doing at home?

4. Have you ever experienced a time when an artistic expression, may it be your own or someone else's, impacted your feelings or thoughts? (Please take the time to explore those moments, feelings, thoughts and then share your experiences or write them down.)

5. Imagine you would like to contribute to a peaceful community through your own artistic expression or project. What would this look like? Who would be involved? Who would be your audience? What would their reaction be? (Draw a picture that represents your ideas.)

6. How does embodying your artistic expression contribute to your inner peace?

7. How can you use your artistic expression for the betterment of others and of your own community?

Bago magtungo sa susunod na kabanata, mangyaring maglaan ng ilang sandali at pagnilayan ang tungkol sa mga salaysay at kuwentong ipinakita sa kabanatang ito. Ano ang magiging hitsura ng iyong sariling pananaw at salaysay?

1. Paano natin maiiwasan ang pagkasira ng kapaligiran dulot ng mga gawi at pamumuhay? Paano natin maitaguyod ang isang mapayapang ugnayan ng mga tao at planeta?

2. Ano ang mga karaniwang problema o isyu sa kalikasan na napansin mo sa iyong kapaligiran? Ano sa palagay mo ang mga sanhi at epekto ng mga problemang ito?

3. Sa iyong sariling mga paraan, ano ang maaari mong gawin upang makatulong na malutas ang mga problema sa kapaligiran? Ano ang mga pagbabago sa iyong pamumuhay na maaari mong simulan sa inyong bahay?

4. Naranasan mo na ba na ang isang masining na pagpapahayag, maaaring ng sarili o ng iba, ay nakakaapekto sa iyong damdamin o saloobin? (Mangyaring maglaan ng oras upang tuklasin ang mga sandaling iyon, damdamin at kaisipan at pagkatapos ay ibahagi ang iyong mga karanasan o kaya ay isulat ang mga ito.)

5. Ipagpalagay mong mag-aambag ka sa isang mapayapang pamayanan sa pamamagitan ng masining na pagpapahayag o proyekto. Ano kaya ang magiging hitsura nito? Sino kaya ang makikilahok? Sino ang iyong tagapanuod? Ano ang magiging reaksyon nila? (Gumuhit ng larawan na kumakatawan sa iyong mga ideya.)

6. Paano nakakaambag ang masining na pagpapahayag sa iyong sariling na kapayapaan?

7. Paano mo magagamit ang masining na pagpapahayag para sa ikabubuti ng iba at ng iyong sariling pamayanan?

CHAPTER 2

AT PEACE WITH ONE'S ROOTS: INDIGENOUS & INDIVIDUAL VOICES



WHEN PERSISTENCE & BRAVERY PREVAIL

Kapag Tiyaga at Katapangan ang Mamayani

Photos and essay by Gabriel Villanil

"Our ancestral domain is like the blood
that runs through our veins; we are inseparable."



Lolita Mangado shows a triumphant smile after winning the dispute against a private business that attempted to steal their ancestral domains for the last two years.

Lolita, 31, and married with three (3) children, originated from the ethnolinguistic group called Manobo Pulangihon in Mindanao. Their primary source of livelihood is agriculture which can barely support the daily needs of their family.

To Lolita, it was tough to be put on a pedestal. People who have received fewer opportunities in formal education, may face challenges in earning value and respect and avoiding mistreatment. But Lolita and her clan were brave and persistent and these have always been their edge in winning every battle.

For the past two years, their family had to move from one place to another, pained with the thought of owning a land they cannot even live in.

Every day was a struggle. With barely any food to feed their children, Lolita and her husband were overcome with fear and hopelessness. But this didn't stop them from fighting for what they deserved.

They sought the help of a public lawyer in the hopes of being reunited with their land. The land is the future of their generation, one that they should protect and preserve.

After two years of fighting and hoping, their prayers were answered. They regained their rights to their ancestral land. Lolita and her family were grateful to the Philippine government for extending their protection and support to their community.

Indeed, it was a battle worth fighting for, not only for Lolita and for her family — but for a community and their identity. May this remind us that persistence and bravery can overcome any form of inequality.

“Ang lupain ng aming mga ninuno ay parang dugong nananalaytay sa aming mga ugat; kami’y di maaaring mapaghiwalay.”



Kapansin-pansin ang ngiti ng tagumpay ni Lolita Mangado matapos silang manalo sa korte laban sa isang pribadong negosyante na umangkin ng lupain ng kanilang mga ninuno sa loob ng dalawang taon.

Si Lolita, tatlumpu’t isang taong gulang, kasal at may tatlong anak ay nagmula sa etnolinggwistikong grupo na Manobo-Pulanghinon sa Mindanaw. Agrikultura ang pangunahing pangkabuhayan nila ngunit bahagya lang nitong nasusuportahan ang mga pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang mga pamilya.

Para kay Lolita, mahirap ang malagay sa pedestal. Ang ilang mga taong salat sa pagkakataong magkaroon ng pormal na edukasyon ay humaharap sa mga hamon ng pagiging mahalaga, pagtatamo ng respeto at pag-iwas sa pangmamaltrato ngunit si Lolita at ang kaniyang angkan ay matapang at pursigido. Ang mga katangiang iyon ay dati na nilang naging kalamangan sa pagpanalo ng mga laban.

Sa loob ng dalawang taon na sumunod, nagpalipat-lipat ng lugar ang kanilang pamilya habang nagdadalamhati sa kaalamang mayroon silang lupang pagmamay-ari na hindi nila magamit. Mahirap ang bawat araw. Dahil sa kakarampot ang pagkain para sa kanilang mga anak, si Lolita at ang kaniyang asawa ay napuno ng takot at kawalan ng pag-asa. Pasalamat na lang at hindi iyon nakapigil na ipaglaban ang nararapat para sa kanila.

Naghanap sila ng tulong mula sa isang pampublikong abugado sa pag-asang mababawi ang kanilang lupain. Ang lupaing iyon ang kinabukasan ng kanilang henerasyon at kailangan nila iyong protektahan at pangalagaan.

Matapos ang dalawang taon ng pakikipaglaban at pag-asa, dininig ang kanilang mga dasal at nabawi nila ang karapatan sa lupain ng kanilang mga ninuno. Si Lolita at ang kaniyang pamilya ay patuloy na nagpapasalamat sa gobyerno ng Pilipinas para sa pagpapalawig ng proteksyon at suporta sa kanilang komunidad.

Tunay na isa iyong laban na marapat pagdaanan hindi lamang para kay Lolita at sa kaniyang pamilya ngunit para rin sa isang komunidad at sa kanilang pagkakakilanlan. Nawa’y ipaalala sa atin ng kuwentong ito na ang tiyaga at katapangan ay kayang madaig ang hindi pagkakapantay-pantay.





THE BITTERSWEET LIFE OF THE MAMANWA

Ang Mapait na Buhay ng mga Mamanwa

Photos and essay by Gerald Cabalan



The tranquil mountainside village of Maraiging in Jabonga, Agusan del Norte is home to over 150 people. Thirty percent (30%) of their population are Mamanwa, while the remaining seventy percent (70%) are Bisaya. The Mamanwa people are one of the Philippines' oldest indigenous groups-having lived here before the Spanish colonization. They make their living by hunting and farming.

This picture shows the Pinao family and their relatives. The Pinao family, and the Bendoy family, were believed to be the first families to reside in Maraiging. Datu Vergilio Pinao and Bae Terisita Pinao have been community leaders for over 20 years. As part of their tradition, the leaders believe it is their duty to be good role models, to ensure the continuity of the Mamanwa culture through their children, and to educate all ethnolinguistic groups about the modern national rule, with the help of the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP).

They teach and uphold the Mamanwa dialect so that the future generation continues to use it. They believe in "Magbabaja," the creator of humanity. They also pray to the spirits of the forest, trees, rivers, and rocks as guides to everything they do. They honor their elders through traditional rituals held before and after engaging in farming practices. Despite the pandemic, they continued their traditions of thanking the spirits and asking for blessings in the form of good harvests because nothing could stop them from honoring their tradition.

However, the continuous armed conflicts caused by insurgencies have driven Mamanwas out of their ancestral lands in the mountains. Despite these challenges, one cannot help but admire the Mamanwas' optimism. There is hope for these people who continue to uphold and defend their rights, identity, and traditions. We can all do something—and the time is now.



Ang panatag na nayon ng Maraiging sa gilid ng isang bundok sa Jabonga, Agusan del Norte ay tahanan para sa mahigit isang daan at limampung mga tao. Tatlumpung porsyento ng kanilang populasyon ay mga Mamanwa habang ang natitirang pitumpu ay mga Bisaya. Ang mga Mamanwa ay isa sa mga pinakaunang grupo ng katutubo sa Pilipinas bilang namuhay sa bansa bago pa man ang kolonisasyon ng mga Kastila. Nabubuhay sila sa pangangaso at pagsasaka.

Ipinapakita sa larawang ito ang pamilyang Pinao at ang kanilang angkan. Ang pamilyang Pinao at pamilyang Bendoy ay pinaniniwalaan bilang pinaka unang mga pamilya na nanirahan sa Maraiging. Si Datu Vergilio Pinao at Bae Teresita Pinao ay lagpas dalawampung taon nang mga pinuno ng komunidad. Bilang parte ng kanilang tradisyon, naniniwala ang mga pinuno na tungkulin nila na maging mabuting huwaran, na siguraduhin ang pagpapatuloy ng kultura ng mga Mamanwa sa pamamagitan ng kanilang mga anak at maturuan ang lahat ng mga etnolinggwistikong grupo tungkol sa makabagong pamamahala ng bansa sa tulong ng National Commission on Indigenous Peoples o NCIP.

Itinuturo nila at pinagtitibay ang wikang Mamanwa upang patuloy itong magamit ng mga susunod pang henerasyon. Naniniwala sila sa Magbabanja, ang may likha ng sangkatauhan. Nagdarasal din sila sa mga espiritu ng kagubatan, mga puno, mga ilog, mga bato bilang gabay sa lahat ng kanilang gawain. Pinupuri nila ang kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng mga tradisyonal na ritwal na ginaganap bago at pagkatapos ng pagsali sa mga gawaing pagsasaka. Sa kabila ng pandemya, ipinagpatuloy nila ang kanilang mga tradisyon ng pagpapasalamat sa mga espiritu para sa mga pagpapala sa anyo ng magandang ani dahil walang makakapigil sa kanila sa paggalang sa kanilang tradisyon.

Gayunpaman, ang patuloy na armadong labanan ay nagpaalis sa mga Mamanwa mula sa lupain ng kanilang mga ninuno sa kabundukan. Sa kabila ng mga hamon na ito, hindi maaaring ‘di mapahanga sa optimismo ng mga Mamanwa. May pag-asa pa silang mga patuloy na itinataguyod at ipinagtatanggol ang kanilang mga karapatan, pagkakakilanlan at tradisyon. Lahat tayo ay may magagawa at ngayon ang panahon para gawin iyon.





LIGHT FOR TOMORROW

Ilaw ng Kinabukasan

Photos and essay by Jennila Aparece

Datu Casey Jay Dansigan is the President of Bagung Utaw sang Kapag-Uya who has organized several events for the Indigenous Youth of Davao Del Norte. Datu Casey came from a humble family in La Filipina, Tagum City. He was a leader of the Indigenous Peoples (IPs) for twelve (12) years. His unwavering commitment and dedication to the ethnolinguistic groups in his community led him to be elected as the President of the Indigenous Youth for Tagum City in 2016 and Davao del Norte province in 2018.

Datu Casey and his companions spearheaded a livelihood project called Bead Making. The project aims to help home-based Indigenous youth while promoting the culture of other Indigenous People such as the Mansaka, the Mandaya, the Kagan, the Dibabawon, and the Bagobo, among others.

Datu Casey said in an interview that, “because of this event, it will be easier for our youth to learn how to earn through bead making, especially now that Tagum has a museum of its own that will be of benefit to the Indigenous youth].

Highlighting the humble beginnings of our Indigenous communities, Datu Casey also emphasized the value of remembering our precious cultures. Through “Magbabaya” (God), I am very hopeful that there will be more projects for the empowerment and future of the Indigenous Youth.

Si Datu Casey Jay Dansigan ang presidente ng Bagung Utaw sang Kapag-Uya na nag-organisa ng ilang pagtitipon para sa mga kabataang katutubo ng Davao del Norte. Si Datu Casey ay nagmula sa isang mapagpakumbabang pamilya sa La Filipina, Tagum City. Siya ay naging pinuno ng mga katutubo sa loob ng labingdalawang taon. Si Datu Casey ay may hindi matitinag na pangako at dedikasyon para sa iba’t-ibang mga katutubo sa kaniyang komunidad at iyon ang nagbigay-daan upang siya ay mahalal bilang Presidente ng kabataang katutubo para sa Tagum City noon 2016 at para sa probinsya ng Davao del Norte noong 2018.

Pinasimulan nina Datu Casey sampu ng kaniyang mga kasamahan ang isang proyektong pangkabuhayan na tinawag nilang Bead Making. Nilalayon ng proyekto na makatulong sa mga kabataang katutubo na nasa bahay lamang habang itinataguyod ang kultura ng mga Indigenous Peoples (IP) sa Mindanao tulad ng mga Mansaka, mga Mandaya, mga Kagan, mga Dibabawon at mga Bagobo, bukod sa iba pa.

Sinabi ni Datu Casey sa isang panayam na, “dahil sa pagtitipong ito, magiging madali para sa ating kabataan na matutuhan kung paano kumita sa pamamagitan ng paggawa ng mga abolaryo (beads) lalo ngayon na mayroon nang museo ang Tagum City para sa kapakanan ng kabataang IP.”

Habang itinatampok ang payak na simula ng ating mga grupo binigyang-diin ni Datu Casey ang kahalagahan ng paggunita sa ating mahahalagang kultura. Sa pamamagitan ni Magbabaya, hangad ko na marami pang mga proyektong ang bubuuin para sa pagpapalakas at kinabukasan ng kabataang IP.





SA KARERA NG BUHAY, PADAYON LANG!

In the Race of Life, Just Keep Going!

Photos and essay by Michael M. Tahadlangit



In the race of life, we will face many obstacles or challenges that will test how strong we are. Sometimes we will get discouraged, we will get tired, and the day may come when we feel like giving up - but we will continue to fight. We will continue to win in the race of life, and nothing can stop us because we are strong.

At a young age, the life of the woman in my story revolved around horseback riding. Back then, fear ruled her every time she rode a horse. Eventually, she learned to be brave. She became brave in controlling a horse. Most of all, she learned to bravely rise whenever she fell. Her dedication and self-confidence have been part of every success she enjoyed. As a result, she reached various parts of the province of Bukidnon and its neighboring areas - bearing the name of her town of Impasugong which is known for its skilled equestrians. She proved that we all have strengths and it is not based on what or who we are.

This is the race of her life. Like the rest of us, she went through the bitterness and challenges of life but in the middle of her race, she gradually tasted the sweetness of success. She proved that life is a long race. You will lose if you give up and become weak, but you will achieve victory if you keep on trying. Just keep going!

Sa karera ng buhay, marami tayong mapagdaraanang mga balakid o hamon na susubok kung gaano tayo katatag na harapin ito. Minsan panghihinaan tayo ng loob, mapapagod, at syempre darating ang araw na parang gusto na nating sumuko. Pero patuloy pa rin tayong lalaban, patuloy pa rin nating ipapanalo ang karera ng buhay at walang makapipigil dahil tayo ay malakas.

Sa murang edad, umikot sa pangangabayo ang buhay ng isang babae. Noon, takot ang palaging nararamdaman sa bawat sakay niya sa kabayo. Kalaunan, natuto siyang maging matapang. Naging matapang siyang kontrolin ang kabayo. Higit sa lahat, naging matapang siyang bumangon sa tuwing siya ay nahuhulog. Naging parte ng bawat tagumpay na kanyang tinatamasa ang kanyang dedikasyon at tiwala sa sarili. Dahil dito, narating niya ang iba't ibang parte ng probinsya ng Bukidnon at mga karatig nitong mga lugar dala ang pangalan ng lungsod ng Impasugong na kilala sa magagaling nitong mga mangangabayo. Napatunayan niya na kahit gaano kahirap ang isang bagay, makakayanan ito at mapagtatagumpayan kahit sino ka pa. Pinatunayan niya na lahat tayo ay may angking lakas at hindi ito dapat ibase kung ano o sino ka pa.

Ganito ang naging karera ng buhay niya. Katulad ng lahat sa atin, napagdaanan niya rin ang pait at mga hamon ng buhay pero habang na sa gitna siya ng karera, unti- unti niyang nalalasap ang tamis ng tagumpay. Pinatunayan niya na ang buhay ay isang mahabang karera. Matatalo ka kung susuko ka na lang at magiging mahina. Pero tagumpay naman ang iyong mararamdaman kung patuloy kang magpupunyagi. Padayon lang!






A CHILD'S AGONY

Ang Paghihirap ng Isang Bata

Photos and essay by Muazjubair Datumanong



Growing up, I witnessed acts of oppression from where I live. I had a friend who was so respectful and jolly. He also loved to study and play, but one day, everything changed.

One day, he was fetched by his parents, and onboard that passenger truck, his parents were shot in front of him. He heard the gunmen utter how they intended to kill more innocent people that day.

From then on, my friend changed. Who was once a fun-loving child became cold-hearted, and from holding a toy, he decided to hold —a gun.

This experience suggests that a child's future depends on the environment he grew up in -that there are two directions in life a person can choose from: good or bad. It is in our hands to help propel our future generation towards a better choice by providing them a peaceful environment where they can nurture themselves.



Sa aking paglaki, nasakishan ko ang mga akto ng pang-aapi sa aming lugar. Nagkaroon ako ng isang kaibigan na napakagalang at masiyahin. Mahilig din siyang mag-aral at maglaro ngunit isang araw, nagbago ang lahat.

Isang araw, sinundo siya ng kaniyang mga magulang at sakay ng isang pampasaherong trak, binaril ang mga magulang niya sa kaniyang harapan. Narinig niya sa ang sinabi ng mga armadong lalaki kung paano nila balak pumatay ng iba pang inosenteng tao sa araw na iyon.

Simula noon, nagbago ang kaibigan ko. Ang dating isang mapagmahal na bata ay naging malamig at mula sa paghawak ng laruan, nagpasiya siyang humawak ng baril.

Ipinapahiwatig ng karanasan na ito na ang hinaharap ng isang bata ay nakasalalay sa kapaligiran na kaniyang kinalakihan - na mayroong dalawang direksyon sa buhay na maaaring piliin ng isang tao: mabuti o masama. Nasa ating mga kamay na tulungang itaguyod ang ating susunod na henerasyon patungo sa mas mabuting pagpipilian sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang mapayapang kapaligiran kung saan nila mapapangalagaan ang sarili.



HOPE FOR LAWIS

Pag-asa sa Lawis

Photos and essay by Christian Lachica

The people of Lawis are struggling to believe that there is hope. Behind their smiles, it is noticeable that they are going through something but every time someone comes to their home, it briefly crosses their minds that maybe they would be given something. Poverty is not the only reason for their despair. It is also caused by the chaos that they always witness.



Some children in Lawis were not given the opportunity to change their situation. The bridge made of broken wood became their only aid. Because of that tattered bridge, the children of Lawis had the chance to make a living. That worn-out bridge cemented their belief that they must suffer first before they can achieve their dreams. They toil like carabaos - tirelessly selling goods from morning 'till night.

For the children of Lawis, getting through the day is like passing through the eye of a needle. They all started to become fearful since their barrio became chaotic. It was like no matter which nook or cranny they hid, they still got involved in trouble. Some of them were forced to choose sides because you can get into trouble if you don't have allies.

The people of Lawis not only cling to the knife, so to speak, but they also hold onto electrical wires. Due to relentless police raids, they cannot work to save money to pay for electricity. There seem to be no words that can describe the suffering of the people in Lawis.

In 2018, the wind seemed to have changed. Slowly, the people from the barrio of Lawis prospered. Their happiness was uncontainable. Those who used to jump electricity from their neighbor's line now have their own. The thugs who were always looking for trouble got arrested in a massive raid by the police.

I can clearly see how hard they work to rise again and forget the past. While my eyes scanned the place, I saw a child hanging newly-laundered clothes. At that age, I would still be playing patintero and other games with my playmates. It seemed like the truth that she had to work for money at a young age was etched on her face. As I left, I carried sadness and sympathy for the young people who could not study because they needed to work.

I live in the hope that someday the problems in Lawis would be resolved and this chaotic place would be a paradise for its children. Someday.

Ang mga tao sa lugar ng Lawis ay nananatiling kumakapit sa ilaw ng pag-asa. Sa likod ng kanilang mga ngiti, mapapansing sila'y tila may pinagdaraanan, ngunit sa tuwing may paparating sa kanilang tahanan, tila sumasagi sa kanilang isipan na baka may ilang kagamitang maibibigay sa kanila. Hindi lamang kahirapan ang dahilan kung bakit sila'y nawawalan ng pag-asa. Ito'y dulot din ng kaguluhan na kanilang laging nasasaksihan.

Hindi nabigyan ng pagkakataon ang ibang bata sa Lawis na mabago ang kanilang kalagayan. Ang tulay na gawa sa sira-sirang kahoy na lamang ang naging sandigan nila. Gamit ang ginawang tulay, naging daan ito upang sila na mismo ang maghanapbuhay. Nang dahil sa gibang tulay, mas nausig ang kanilang paniniwala na kailangan muna nilang maghirap sa palad ng pawis bago makamit ang kani-kanilang pinapangarap. Sila'y kumakayod na parang mga kalabaw - walang pagod na naglalako ng paninda umaga man o gabi.

Para sa mga bata ng Lawis, ang malagpasan ang araw ay parang pagpasok sa mata ng karayom. Nagsimula silang magimbal mula nang naging magulo ang kanilang baryo. Para bang kahit saang sulok o bitak sila magtago ay nadadamay pa rin sila sa gulo. Ilan sa kanila ay napilitang mamili ng panig, maaari kang mapahamak kung walang kakampi.

Ang mga tao sa Lawis ay hindi lamang kumapit sa patalim, wika nga nila; sila rin ay humawak sa mga kawad ng kuryente. Dahil sa walang-tigil na pag-raid ng pulisya, hindi sila makapagtrabaho nang maayos para makapag-ipon ng pera na pangbayad sa kuryente. Parang walang mga salitang maaaring maglarawan ng paghihirap ng mga tao sa Lawis.

Taong 2018, tila ba'y nagbago ang ihip ng hangin. Laking gulat ng unti-unti nang gumiginhawa ang Lawis. Nagsituluan ang galak at hinay-hinay na nagkurba ang kanilang mga labi dahil sa walang mapagsidlang tuwa. Ang dating nakakabit na kuryente sa kapit-bahay, ngayo'y natigil na. Ang mga dating barako at naghahanap ng gulo at away noon ay nadakip na sa isang malawakang "raid" ng mga pulisya.

Kitang-kita ko kung gaano sila nagpupursige upang makabangon muli at makalimutan ang nakaraan. Sa paggala ng aking mga mata, isang bata na nasa pitong anyos pa lamang ang nagsasampay. Sa ganyang klaseng edad ay naglalaro pa ako at nakikipagpatintero. Tila, napapaloob sa kanyang mukha ang katotohanang kailangan pa niyang maghanap ng pera para sa kanyang mga kapatid. Sa aking paglisan, dala ko ang lungkot at simpatiya sa mga kabataang minsan hindi nakakapag-aral at naghahanap na lamang ng trabaho.

Balang araw, ang mga problema sa Lawis, masosolusyonan na. Ang magulong lugar na ito, magiging isang paraiso na... balang araw.

UNFAZED BY CHALLENGES, DRIVEN BY KINDNESS

Matapang sa Anumang Pagsubok, Itinutulak ng Kabutihan

Photos and essay by Junquil D. Baoc



Gina*, a grade 12 student in Mindanao, has to juggle her academics with her responsibilities at home. It's not an easy feat for someone with limited resources and who has faced challenges in life at a young age.


When Gina was just two years old, her parents left her and three other siblings in their aunt's custody. She was hurt and bruised by the shortcomings of her parents. But to her, the best way to cope is to move forward.

Since then, she lived with her aunt's family while her three siblings were sent off to other relatives. Taking in four children was too much for her aunt who also has a family of her own.

Growing up, Gina knew that her situation was different from other children. This didn't stop her from taking responsibility for her own life. She helped provide for her aunt's family, treating them as her own. When her aunt's husband died, she stepped up even more as her way of paying it forward. They gave her a family she never had and she felt it was time to be there for them when they needed her the most.

As the eldest child in the family, she works hard as a student assistant in Mindanao, providing both for her education and their family's needs. The challenges she faces as a working student have not discouraged her because she is determined to achieve her dreams and repay her aunt's kindness, for whatever it's worth.

*The name of the subject has been changed for confidentiality purposes.





Kailangang pagsabay-sabayin ni Gina*, isang estudyante na nasa ika-labingdalawang baitang mula sa Mindanao, ang gawaing pang-akademya at mga gawaing-bahay niya. Hindi ito madali para sa isang batang kapos sa pangangailangan at nakaranas ng hirap ng buhay sa murang edad pa lamang.

Noong dalawang taong gulang pa lamang si Gina, iniwan siya ng kaniyang mga magulang pati na ang tatlo pa niyang mga kapatid sa pangangalaga ng kanilang tiyahin. Sobra siyang nasaktan sa ginawa ng kaniyang mga magulang ngunit para sa kaniya, ang pinakamabuting paraan upang malagpasan iyon ay ang magpatuloy sa kaniyang buhay.

Simula noon, nanirahan na siya sa pamilya ng kaniyang tita habang ang tatlo niyang mga kapatid ay napunta sa ibang mga kamag-anak nila. Dahil may sarili ring pamilya, mahirap para sa kaniyang tita na kupkupin silang apat na magkakapatid.

Sa kaniyang pagtanda, mulat si Gina sa katotohanang kaiba ang sitwasyon niya sa ibang mga bata. Hindi iyon naging hadlang para kay Gina na akuin ang responsibilidad sa sarili niyang buhay. Tumulong siyang magtustos sa pamilya ng kaniyang tita at itinuring niya sila bilang sariling pamilya. Nang yumao ang asawa ng kaniyang tita, lalo pa siyang nagpursigi bilang pagtanaw ng utang na loob. Ibinigay nila kay Gina ang pamilyang hindi niya nakamtan at dahil doon, naramdaman niyang iyon ang panahong dapat ay naroon siya para sa kanila - sa panahong pinakakailangan siya.

Dahil pinakamatanda sa pamilya, nagtatrabaho si Gina nang mabuti bilang isang Student Assistant sa Mindanao - para sa kaniyang edukasyon pati na rin sa pangangailangan ng kanilang pamilya. Ang mga pagsubok na kinakaharap niya bilang isang estudyanteng pinagsasabay ang trabaho ay hindi pinahina ang kaniyang loob dahil siya ay determinadong makamit ang kaniyang mga pangarap at masuklian ang kabaitan ng kaniyang tita sa anumang paraan na kaya niya.

*Ang pangalan ng tauhan sa akdang ito ay sadyang pinalitan upang mapangalagaan ang anumang kompidensyal na impormasyon.


MATH
CIRCLES
DROP
COVER
HOLD
STATISTICS AND PROBABILITY
ELECTRICITY AND MAGNETISM
SUPERVISO
CORNE
GRADING SHEETS
FORM 1
FORM 138
MASS

REFLECTIVE QUESTIONS

Before you move forward to the next chapter, please take a moment and reflect about the narratives and stories presented in this chapter. How would your own perspective and narrative look like?

1. How can we build relationships among different cultures and communities so that we can live in harmony with respect to each other and devoid of any racism or discrimination?

2. How can we help protect the identity, roots, and rich cultural heritage of indigenous peoples and communities?

3. What can we do to support and uplift cultures other than ours? How can we show respect for their own tradition and heritage?

Bago magtungo sa susunod na kabanata, mangyaring maglaan ng ilang sandali at pagnilayan ang tungkol sa mga salaysay at kuwentong ipinakita sa kabanatang ito. Ano ang magiging hitsura ng iyong sariling pananaw at salaysay?

1. Paano tayo makakabuo ng mga ugnayan sa pagitan ng iba't-ibang mga kultura at pamayanan upang tayo ay mabuhay ng payapa na may paggalang sa bawat isa at walang anumang diskriminasyon lalo na sa lahi?

2. Paano tayo makakatulong na protektahan ang pagkakakilanlan, pinanggalingan at mayamang kultural na pamana ng ating mga kapatid na katutubo?

3. Ano ang maaari nating gawin upang suportahan at maiangat ang mga kultura na iba sa atin? Paano natin maipapakita ang paggalang sa kanilang sariling pamanang tradisyon?

CHAPTER 3

AT PEACE WITH LIFE: COLLECTIVE RESILIENCE

A CALL FOR OUR FUTURE

Panawagan Para sa Kinabukasan

Photos and essay by Rico-Teodore Jose III Carrasco

When I was born, the roof of the Office of the Regional Government (ORG) Building in Cotabato City was painted red. Today, it is painted green. I am fortunate to see small changes that have sparked hope for peace in our land. For me, the struggles of the Bangsamoro people have cost us lives and dreams—but we remain hopeful of a peaceful and safe future.



Having visited different parts of Mindanao as a researcher, I know that conflicts may arise as a result of its varying beliefs and diverse histories. The collaboration between the government and the community brought positive changes, including the formation of the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Through their commitment and their own spheres of influence, both were able to bring together a community as complex as ours, and a more peaceful BARMM had emerged, bringing all of us to where we are now.

My photo essay reflects such reality, told using words hanging up in the air.

These tarpaulins tell a story of how we, as a country, call for solidarity. This image isn't just about the extension of the Bangsamoro transition — it's a call for our future, and that future is now. Peace cannot be achieved through bloody battles rather through efforts and interventions that are mutually beneficial. Where we are now, as a community, is a product of hard work from battles that have been fought for a very long time.

We must remember that the quest for complete freedom is not yet over. We must continue to push for better representation for the people of Mindanao; a representation that will paint a picture, not of violence and extreme poverty, but of the real essence of being a Bangsamoro. We must continue to hold on to the ideals of past reformists and integrate those with ours.

I hope that everyone will do what is best for our land, and to do it with love. Once we all do, we will generate hope and peace beyond the borders of BARMM, and more than the words written on these signs.





Nang ipinanganak ako, ang bubong ng Office of the Regional Government (ORG) Building sa Cotabato City ay pinintahan ng pula. Ngayon, ito'y pinintahan ng lungtian. Mapalad akong makita ang maliliit na mga pagbabago na nagsindi ng pag-asa para sa kapayapaan sa aming lugar. Para sa akin, ang mga pagsisikap ng mga Bangsamoro ay nakapinsala ng mga buhay at pangarap ngunit nananatili tayong umaasa sa isang mapayapa at ligtas na kinabukasan.


Dahil nakabisita na sa iba't-ibang parte ng Mindanao bilang isang mananaliksik, alam kong ang mga hidwaan ay maaaring magsimula bilang resulta ng kaniyang nagkakaibang paniniwala at samot-saring kasaysayan. Ang pakikipagtulungan sa pagitan ng gobyerno at ng komunidad ay nagdala ng mga positibong pagbabago kasama na ang pagkakatatag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Sa pamamagitan ng kanilang pangako at kanilang sariling impluwensiya, pareho silang nakapagbuklod ng isang komunidad na kasingkumplikado ng tulad sa atin - at isang mas mapayapang BARMM ang umusbong na dinadala ang lahat sa kung nasaan tayo ngayon.

Ang aking larawang sanaysay ay sinasalamin ang ganyang realidad na isinalaysay gamit ang mga salitang nakabitin sa hangin.


Ang mga trapal na ito ay nagsasalaysay ng isang kuwento kung paanong tayo bilang isang bansa ay nananawagan para sa pagkakaisa. Ang larawang ito ay hindi lang tungkol sa pagpapalawig ng transisyon ng Bangsamoro - ito'y isang panawagan para sa ating kinabukasan at ang kinabukasan na iyon ay ngayon din. Ang kapayapaan ay hindi maaaring makamtan sa pamamagitan ng mga madugong labanan bagkus sa pamamagitan ng mga pagsisikap at mga pakikialam na kapwa kapaki-pakinabang. Kung nasaan tayo ngayon bilang isang komunidad ay isang bunga ng pagsisikap mula sa mga sagupaang pinaglabanan ng napakahabang panahon.

Dapat nating tandaan na ang paghahanap sa ganap na kapayapaan ay hindi pa natatapos. Dapat tayong magpatuloy na magtulak ng mas mabuting paglalarawan para sa mga tao sa Mindanao; isang paglalarawang pipinta ng imaheng hindi ng karahasan at lubos na kahirapan ngunit ng totoong diwa ng pagiging isang Bangsamoro. Dapat tayong magpatuloy na kumapit sa mga paniniwala ng nakalipas na mga repormista at isama ang mga iyon sa ating paniniwala.

Hangad ko na ang lahat ay gagawin ang pinakamabuti para sa ating bayan at gawin iyon nang may pagmamahal. Kapag ginagawa nating lahat, tayo ay makakalikha ng pag-asa at kapayapaan na lagpas sa hangganan ng BARMM at higit pa sa mga salitang nakasulat sa mga karatulang ito.




port the Call
TA Extension



AL HAJ MURAD IBRAHIM
BTA- CHIEF MINISTER, BARRM

" ...graft and corru
ills of governanc
government an

" ...we shall
in reportin
lack there
local offi



HANDS OF PEACE

Kamay ng Kapayapaan

Photos and essay by Franciston Esteba



Thanks to the support of the government, especially the Sangguniang Kabataan (SK) and Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), many young people have been given the opportunity to study and find lucrative employment. Through this project, the number of young people that are wayward and addicted to bad habits will be reduced.

Using fabric combined with the determination to learn, they get to develop their design skills and earn a living. The project was made to help and provide guidance to those who are going astray. Because their attention is diverted to productive work, the path they are taking is also being set straight. As they say, poverty is a cause for lack of peace. Now that opportunities are available for these young people, peace in their community is within reach.

Dr. Jose Rizal said, “The youth is the hope of our nation”. Hope and peace are in the hands of these young people, and they hold the key to a better life for themselves, their families, and their community.

“So happy. I never thought I would develop a talent like this where I could earn. I am thankful because I got to participate in a productivity training like this,” said Madileen Marikit, one of the young people who participated in the program. She is a testament that through an opportunity like this, a person’s life can change. As more people get to change their life, the nation’s future is also changed.

Indeed, a simple opportunity can change not only the life of one person but also the future of a nation.



Dahil sa suporta ng gobyerno, lalo na ang Sangguniang Kabataan (SK) at ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), maraming kabataan ang nabigyan ng pagkakataong makapag-aral at makahanap ng trabaho na kanilang mapagkakakitaan. Sa pamamagitan ng proyektong ito ay mababawasan ang mga kabataang lulong sa masamang bisyo at pariwara sa ating komunidad.

Sa pamamagitan lamang ng mga tela at ng kanilang determinasyong matuto, mahuhubog ang kakayahan ng mga kabataan sa pagdidisenyo at magkakaroon sila ng maayos na mapagkakakitaan. Ibinigay ang proyektong ito upang makatulong at magbigay gabay sa mga kabataang naliligaw ng landas. Dahil mas natutuon nila ang kanilang pansin sa mas produktibong gawain, higit na maitatama ang landas na kanilang tatahakin. Ika nga: ang kahirapan ay isang dahilan ng kawalan ng kapayapaan. Ngayong mayroon nang oportunidad para sa mga kabataang ito, higit na abot-kamay na ang kapayapaan sa kanilang komunidad.

Sabi nga ni Dr. Jose Rizal, “Ang kabataan ang pag-asa ng bayan.” Nasa kamay ng mga kabataang ito ang pag-asa at kapayapaan, at hawak nila ang susi tungo sa mas maayos na buhay para sa kanilang sarili, kanilang pamilya at komunidad.

“Kay saya po. Hindi ko inakala na mahuhubog ko ang ganitong talento na maaari ko palang pagkakakitaan. Nagpapasalamat ako kasi nasali ako sa ganitong productivity skills training,” ani ni Madileen Marikit, isa sa mga kabataang lumahok sa programa.

Tunay ngang sa pamamagitan ng isang simpleng oportunidad ay maaaring magbago, hindi lamang ang buhay ng isang tao kundi pati na rin ang kinabukasan ng isang bayan.



THE WALK OF SACRIFICE

Ang Lakad ng Sakripisyo

Photos and essay by Mark Ian K. Domosmog

Sacrifice is an expression of love and happiness. Sacrifice comes in the form of offering something and the willingness to sacrifice one's life for the love of humanity. These photos portray my life as a teacher and how, each and every day, I choose to accept the challenges that come with it.



Someone once said, “The journey is the destination,” and being a teacher is indeed one fulfilling journey. As with all journeys, there are detours and pitstops. It is not always easy, but almost always, I feel rewarded for the meaningful work that I do.

Every day, my colleagues and I walk about four kilometers to reach the children in far-flung communities. There is no denying how exhausting it is and how much we sacrifice to get to them. If it were not for our compassion for these bright, young minds, we might have not been able to make it, every single day.

Over time, I have created a lasting bond with my students. To have a complete family and food to eat is more than enough for these little dreamers. For that, I can’t help but admire them and be inspired by their resilience. Their contentment and happiness always remind me of the most important things in life.

This journey has shaped me into the person that I am now. Looking back and realizing how far I have come makes me feel privileged. My job fulfills me in more ways than one. It taught me how to deal with life with optimistic lenses, despite setbacks and sacrifices. It may feel like a roller-coaster at times; with its many ups and downs but knowing that I have the power to make things better for these children motivates me to forge ahead and continue walking.

As Brad Henry once said, “A good teacher can inspire hope, ignite the imagination, and instill a love of learning.”





